

Programa at Patakaran ng Distrito ng Hangin Laban sa Diskriminasyon sa Mga May Kapansanan

Hangarin ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Distrito ng Hangin) na magbigay sa mga indibidwal na may mga kapansanan ng pagkakataong ganap na makilahok sa mga programa, serbisyo, at aktibidad nito sa pamamagitan ng pagsunod nito sa Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973 at sa Batas sa Mga Amerikanong May Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA) ng 1990, na binago ng Batas sa Mga Pagbabago sa ADA ng 2008.¹

Kinikilala ng Distrito ng Hangin na posibleng kailanganin ng mga indibidwal na may kapansanan ng mga accommodation o pagbabago² para magkaroon ng patas na pagkakataong makibahagi o makinabang sa mga programa, serbisyo, at aktibidad ng Distrito ng Hangin.

Patakaran ng Distrito ng Hangin na hindi pagkaitan ng access o partisipasyon sa anumang programa, serbisyo, o aktibidad na iniaalok ng Distrito ng Hangin ang sinumang kwalipikadong indibidwal na may kapansanan. Isasagawa ng Distrito ng Hangin ang mga programa, serbisyo, at aktibidad sa pinaka-integrated na lugar na naaangkop sa mga pangangailangan ng mga kwalipikadong indibidwal na may kapansanan.³

Magbibigay ang Distrito ng Hangin ng mga libre at naaangkop na pantulong na aid at serbisyo, kasama ang, halimbawa, mga kwalipikadong interpreter sa mga indibidwal na hindi nakakarinig o nahihirapang makarinig, at sa iba pang indibidwal kung kinakailangan para matiyak ang epektibong komunikasyon o patas na pagkakataong ganap na makalahok sa mga programa, serbisyo, at aktibidad na ibibigay ng Distrito ng Hangin nang napapanahon at sa paraang poprotekta sa privacy at pagiging independent ng indibidwal.

May karapatan ang mga indibidwal na may kapansanan na humiling ng mga accommodation. Makakatanggap ang mga indibidwal ng mga accommodation na naaangkop sa kanilang mga pangangailangan para ganap na makalahok o makinabang sa mga serbisyo at aktibidad ng Distrito ng Hangin sa hindi mapandiskriminang integrated na lugar.

Hindi pipilitin, ililigalig, paghihigantihan, o ididiskrimina ng Distrito ng Hangin ang sinumang indibidwal para sa paggamit ng isang karapatan sa ilalim ng ADA o Seksyon 504, o para sa pagtulong o pagsuporta sa ibang tao na gamitin ang isang karapatan sa ilalim ng ADA o Seksyon 504.

Nalalapat ang Programa at Patakaranang ito sa lahat ng ahente at contractor ng Distrito ng Hangin.

Mga Kahulugan

A. Tumutukoy ang kapansanan, pagdating sa isang indibidwal, sa:

¹ Ipinagbabawal din ng Distrito ng Hangin ang diskriminasyon sa trabaho, kasama ang batay sa kapansanan. Para sa patakaran sa diskriminasyon sa trabaho ng Distrito ng Hangin, tingnan ang Patakaran Laban sa Diskriminasyon ng Distrito ng Hangin <https://www.baaqmd.gov/contact-us/non-discrimination>.

² Tumutukoy ang Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon sa mga makatuwirang accommodation, habang tumutukoy naman ang Pamagat II ng ADA sa mga makatuwirang pagbabago. Para sa mga layunin ng dokumentong ito, tutukoy ang “accommodation” sa pareho.

³ Tingnan ang 40 Kodigo ng Mga Regulasyon ng Pederal (Code of Federal Regulations, C.F.R.) § 7.55.

1. impairment sa pangangatawan o pag-iisip na labis na naglilimita sa isa o higit pa sa mga pangunahing aktibidad sa buhay ng isang tao;
2. kasaysayan ng nasabing impairment; o
3. pagturing na may ganoong impairment.

Ang Kwalipikadong Indibidwal na May Kapansanan ay isang tao (na may accommodation o wala) na nakakatugon sa mahahalagang kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa paglahok sa mga programa, serbisyo, at aktibidad ng Distrito ng Hangin.

- B. Tumutukoy ang accommodation sa mga adjustment kasama ang mga makatuwirang modipikasyon sa mga panuntunan, patakaran, o kasanayan; adjustment sa kapaligiran gaya ng pag-aalis ng mga hadlang sa arkitektura, komunikasyon, o transportasyon; o pantulong na aid at serbisyo. Ang mga halimbawa ng mga accommodation ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa: scribe, interpreter, lugar na walang abala, materyales na nasa Braille, mga tape, at pagtuturo sa tulong ng computer.

Non-discrimination Coordinator

Isasaayos ng Non-discrimination Coordinator ang mga pagsisikap ng Distrito ng Hangin na makatugon sa Seksyon 504⁴ at ADA,⁵ at titiyakin niya ang mga sumusunod:

- A. Ang Distrito ng Hangin ay may mga pagtitibayin at gagawing available, sa mga naaangkop na format (*hal.*, pinalaki, Braille, audio) na:
1. pamamaraang magbibigay-daan sa isang indibidwal na ihayag ang isang disabling na kundisyon at humiling nga mga accommodation na pinaniniwalaang kinakailangan para magkaroon ng patas na access at makalahok sa mga programa, serbisyo, at aktibidad ng Distrito ng Hangin;
 2. pamamaraan para sa pagpapanatili ng personal na impormasyon sa paraang pumoprotekta sa privacy at pagiging independent ng isang indibidwal; at,
 3. pamamaraan para sa pagbibigay ng mga accommodation.
- B. Papanatilihin ng Distrito ng Hangin ang data sa uri at lawak ng mga serbisyong ibinibigay sa mga indibidwal na may kapansanan, at gagawa ito ng mga kinakailangan sa pangongolekta ng data bilang bahagi ng mga alituntunin sa pagpapatakbo para sa pagpapatupad ng patakarang ito.
- C. Magbibigay ang Distrito ng Hangin ng mga accommodation para magawa ng mga indibidwal na may kapansanan na makalahok o makinabang sa Distrito ng Hangin at sa mga programa, serbisyo, at aktibidad nito sa pinaka-integrated na lugar na naaangkop.

⁴ *Tingnan ang* 40 C.F.R. § 7.85(g): “Kung may labinlima (15) o higit pang empleyado ang Distrito ng Hangin, magtatalaga ito ng kahit isa lang na indibidwal na magsasaayos sa mga pagsisikap nitong makasunod sa mga obligasyon sa ilalim ng [40 C.F.R. Part 7].”

⁵ Tandaang ipinapatupad ng EPA ang Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973, pero hindi nito ipinapatupad ang Pamagat II ng ADA. Nagsama ng mga pagbanggit sa ADA dahil obligado ang Distrito ng Hangin na sumunod sa Pamagat II ng ADA anuman ang katayuan nito bilang tatanggap ng pinansyal na tulong mula sa pederal.

- D. Gagamitin ng Distrito ng Hangin ang mga pamamaraan sa karainan na nakatakda sa programa at patakaran nito laban sa diskriminasyon para sa pagbibigay ng agaran at patas na solusyon sa mga reklamong nagsasaad ng anumang pagkilos na lalabag sa Pamagat II ng ADA o Seksyon 504. Dapat gamitin ang mga pamamaraang ito sa anumang reklamo, pati sa apela ng isang tinanggihang kahilingan sa accommodation.
- E. Magbibigay ang Distrito ng Hangin ng mga serbisyong kinakailangan para masunod ang ADA at Seksyon 504 nang libre.
- F. Magbibigay ang Distrito ng Hangin ng pana-panahong pagsasanay sa serbisyo para mahasa ng faculty at staff ang kanilang kabatiran at pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga indibidwal na may kapansanan at sa mga isyu sa legal na pagsunod.

Accessibility ng Pasilidad

Alinsunod sa pansariling pagtatasa ng Distrito ng Hangin, isasaalang-alang ng Distrito ng Hangin ang pagiging “pampublikong pasilidad” ng anumang pasilidad ng Distrito ng Hangin o ang paggamit ng publiko sa mga ito. Papatakbuhin ng Distrito ng Hangin ang mga programa at aktibidad nito sa mga pasilidad na iyon alinsunod sa 40 C.F.R. § 7.65 para kapag tiningnan ang bawat programa o aktibidad sa kabuuan, madali itong ma-access at magamit ng mga indibidwal na may kapansanan.

A. Mga Dati nang Pasilidad:

1. Hindi kinakailangan ng mga pagbabago sa istruktura kapag nagbibigay ng accessibility sa programa ang ibang paraan. Kasama sa mga nasabing paraan ang:
 - a. Muling pagdidisenyo ng kagamitan o pasilidad pagkatapos ng pagsusuri ng kaso.
 - b. Pagbibigay ng naaangkop na karatulang nagtuturo sa mga tao sa mga accessible na feature.
 - c. Muling pagtatalaga ng staff o mga serbisyo sa mga accessible na lugar.
2. Gagawa ang Distrito ng Hangin ng mga pamamaraan sa pag-evacuate para sa mga indibidwal na may kapansanan.

B. Bagong Konstruksyon:

Ang bawat pasilidad o bahagi ng isang pasilidad na itatayo ng o sa ngalan ng o para as paggamit ng Distrito ng Hangin ay dapat idisenyo at itayo sa paraang maa-access at magagamit ng mga taong may kapansanan ang nasabing pasilidad. Ang mga pagbabago sa mga dati nang pasilidad, hangga't posible, ay dapat idisenyo at itayo sa paraang maa-access at magagamit ng mga indibidwal na may kapansanan.

C. Sa Labas ng Campus:

Dapat ipakita ng mga kasunduan sa kontrata o lease para sa paggamit ng mga pasilidad na hindi sa Distrito ng Hangin ang mga pagsisikap na maging accessible. Accessible dapat ang anumang

programa, serbisyo, o aktibidad sa pasilidad na iyon. Kung hindi ganap na pinapatakbo ng Distrito ng Hangin ang isang programa, serbisyo, o aktibidad, susubukan ng Distrito ng hangin na tiyaking ang mga programa, serbisyo, o aktibidad na ito, sa pangkalahatan, ay nagbibigay ng patas na pagkakataon para makalahok ang mga indibidwal na may kapansanan.

Mga Accommodation:

Walang sinumang kalahok na may kapansanan, na nasa isang programa, serbisyo, o aktibidad ng Distrito ng Hangin, na pagkakaitan o ibubukod o ididiskrimina sa pagbibigay ng mga serbisyong available sa lahat ng indibidwal sa pangkalahatan.

Responsibilidad ng bawat indibidwal na gumawa ng mga kahilingan kaugnay ng mga accommodation para matugunan ang kanilang mga partikular na pangangailangan at magawa ng Distrito ng Hangin na magbigay ng naaangkop na sagot sa kahilingan sa accommodation.

Hindi kailangang on hand o nariyan sa lahat ng pagkakataon ang lahat ng karagdagang tulong, serbisyo, o iba pang accommodation na ginagamit ng mga indibidwal na may kapansanan para magbigay ng access sa mga programa, serbisyo, at aktibidad ng Distrito ng Hangin.

Hindi kinakailangan ng mga accommodation na bumabago sa uri ng programa, serbisyo, o aktibidad; humihingi ng waiver sa mga kinakailangan sa programa o paglilisensya; lumalabag sa mga kinakailangan sa akreditasyon; o nagdudulot ng hindi nararapat na problema sa piskalya o pangangasiwa sa Distrito ng Hangin.

Sa pagtukoy sa mga naaangkop na accommodation, isasaalang-alang ng Distrito ng Hangin ang mga kagustuhan ng indibidwal at, sa mga naaangkop na sitwasyon, ang ibinigay na dokumentasyon at kaalaman sa institusyon sa pakikipagtulungan sa mga indibidwal na may kapansanan.

Hindi aatasan ng Distrito ng Hangin ang isang indibidwal na may kapansanan na tanggapin ang isang accommodation, aid, serbisyo, oportunidad, o benepisyo sa anumang sitwasyon.